Pambatang Edisyon

# AUTONOMIC DYSREFLEXIA (AD)

## ANO ITO:

Ang presyon ng dugo ay ang sukat ng pagdaloy ng dugo mula sa puso patungo sa iba pang mga bahagi ng katawan. Ang Autonomic Dysreflexia (AD) ay nakakaapekto sa presyon ng dugo ng mga taong may pinsala sa spinal cord sa itaas ng thoracic T6 level. Nalilito ang kanilang katawan kapag may mapaminsalang bagay na nakakaapekto sa kanila at hindi nila matukoy kung ano iyon. Dahil dito, naaalerto ang kanilang katawan at tumataas ang presyon ng kanilang dugo. Hindi ligtas kung labis na tataas ang presyon ng kanilang dugo. Mahalagang malaman kung ano ang nakakapinsala sa kanila at alisin ito. Kapag hindi ito natugunan, maaari itong maging mapanganib at magdulot ng malalang sakit sa taong iyon.

**Ang Autonomic Dysreflexia ay isang Medical na Emergency!**

## MGA KARANIWANG SANHI:

- Problema sa pag-ihi
- Problema sa pagdumi/pagtitibi
- Mga sugat
- Mga may baling buto
- Mga paso
- Mga impeksyon
- Mga ingrown sa paa
- Anumang kundisyon o mga pamamaraang maaaring magdulot ng pananakit o masamang pakiramdam, ngunit nasa ibaba ng neurologic na antas ng pinsala.



## AKING IMPORMASYON

Pangalan:

______________________________

### MEDIKAL NA KASAYSAYAN

Baseline na Presyon ng Dugo:

______________________________

Baseline na Temperatura ng Katawan:

______________________________

Neurological na Lokasyon ng Pinsala:

______________________________

Provider ng Pangunahing Pangangalagang Pangkalusugan:

______________________________

Numero ng Telepono:

______________________________

Mga Allergy:

______________________________

### CONTACT KAPAG MAY EMERGENCY

Kung Sakaling Magkaroon ng Emergency, Tumawag Kay:

______________________________

Kaugnayan:

______________________________

Numero ng Telepono:

______________________________

*Ang proyektong ito ay sinuportahan ng U.S. Administration for Community Living, Department of Health and Human Services, Washington, D.C. 20201, bilang bahagi ng grant number 90PR3001. Hinihikayat ang mga grantee na nagsasagawa ng mga proyekto sa tulong ng sponsorship ng pamahalaan na ipahayag ang kanilang mga napag-alaman at naging konklusyon. Samakatuwid, ang kanilang mga pananaw o opinyon ay hindi sumasalamin sa opisyal na patakaran ng Administration for Community Living.*

## *PAUNAWA PARA SA DOKTOR*

*Ang sumusunod ay mga rekomendasyon sa panggagamot para sa mga batang may Autonomic Dysreflexia (AD)*

- Paupuin nang diretso ang pasyente (hanggang sa 90 degrees).
- Kunin ang BP kada 2-3 minuto.
- Suriin kaagad ang kanyang tiyan upang malaman kung namamaga ang kanyang pantog/bituka at iba pang organ system sa ibaba ng antas ng pinsala (level of injury), na maaaring nagiging sanhi ng dysreflexia.
- Kung wala siyang urinary catheter sa katawan, lagyan ng catheter ang indibidwal. Kung mayroon siyang catheter sa katawan, tingnan kung may mga buhol, tupi, makipot na bahagi o bara ang system nito.
- Kung ang systolic BP ay:

  >120 sa mga batang wala pang edad na 5 taon

  >130 sa mga batang may edad na 6-12 taon

  >140 sa mga teenager

  magbigay ng isang antihypertensive na mabilis tumalab at nawawala kaagad ang epekto habang inaalam ang sanhi ng AD.
- **Nitro Paste**—1/2" (<13y) o 1" (≥13y), ipahid sa itaas ng antas ng pinsala kada 30 minuto at punasan kapag naging normal na ang BP, muling ipahid kung kinakailangan.
- **Nifedipine** (kung WALANG magagamit na Nitro paste)– 0.25-0.5mg/kg kada dosis (<13y) o 10mg kada dosis (≥13y), ilagay at ipasipsip ang tabletang mabilis tumalab sa ilalim ng dila o hilingin sa pasyenteng nguyain ito, maaaring muling ibigay kada 20–30 minuto kung kinakailangan.
- **Mga IV Antihypertensive**—sa sinusubaybayang lugar lang (I.C.U.)
- Subaybayan ang mga sintomas at BP sa loob nang hindi bababa sa 2 oras pagkatapos matugunan ang pagsumpong ng AD.
- Ang AD ay maaaring humantong sa mga kumbulsyon, stroke o pagkamatay!

fold

## MGA KARANIWANG SENYALES AT SINTOMAS

### SA ITAAS NG ANTAS NG PINSALA

- Mataas na Presyon ng Dugo *(Mabilis na pagtaas ng presyon ng dugo, na 15 mm Hg systolic na mas mataas kaysa sa karaniwan sa mga bata, at 15-20 mm Hg systolic na mas mataas kaysa sa karaniwan sa mga teenager)*
- Bradycardia *(mabagal na pagtibok ng puso)* o Tachycardia *(mabilis na pagtibok ng puso)*
- Matinding pananakit ng ulo
- Pagkaramdam ng nerbyos/pangamba/takot
- Pamumula ng mga pisngi/leeg/balikat
- Panlalabo ng paningin
- Pagbabara ng ilong
- Pagpapawis
- Panindig ng balahibo
- Pakiramdam na parang tinutusok

### SA IBABA NG ANTAS NG PINSALA

- Pananakit ng tiyan, pakiramdam na parang nasusuka
- Panginginig nang walang lagnat
- Panlalamig at pagpapawis
- Panlalamig
- Pamumutla




## ANG DAPAT GAWIN

- [ ] **Umupo nang diretso**—Umupo nang diretso o itaas ang iyong ulo nang 90 degrees.

  *MAHALAGA: Manatiling nakaupo nang diretso hanggang sa maging normal ang presyon ng dugo.*
- [ ] **Tanggalin ang damit o anumang suot**—Tanggalin o luwagan ang damit o anumang suot na masikip o mahigpit.
- [ ] **Kunin ang presyon ng dugo**—Kunin ang presyon ng iyong dugo kada 5 minuto kung mas mataas pa rin ito kaysa sa karaniwan (15 mm Hg na mas mataas kaysa sa karaniwang presyon sa mga bata, at 15-20 mm Hg na mas mataas sa karaniwang presyon sa mga teenager). Tiyaking gagamit ka ng cuff para sa presyon ng dugo na naaangkop ang laki.
- [ ] **Suriin ang pantog**—Umihi (ibig sabihin, lagyan ng catheter ang iyong pantog). Kung mayroon kang catheter sa katawan, tingnan kung mayroon itong tupi o buhol.
- [ ] **Suriin ang dumi**—Suriin ang iyong dumi pagkatapos mong gumamit ng pampamanhid na jelly o ointment.
- [ ] **Suriin ang balat**—Tingnan kung may mga bagong sugat, pressure ulcer, pasa, paso, bukol, hiwa, kagat ng insekto, atbp. ang iyong balat.
- [ ] **Tingnan kung may iba pang sanhi**—Kung hindi mawawala ang mga sintomas, tingnan kung may iba pang nakakapinsala sa iyo.
- [ ] **Humingi ng tulong**—Kung hindi mo agarang matutugunan ang mga sintomas nang mag-isa, tumawag sa tanggapan ng iyong doktor upang makatanggap ng karagdagang tulong o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

*MAHALAGA: Kung pupunta ka sa ospital, sabihin sa mga doktor at nurse na maaaring mayroon kang dysreflexia at maaaring kailanganin mong ipasuri ang presyon ng iyong dugo, manatiling nakaupo nang diretso at malaman ang mga sanhi ng problema.*

CHRISTOPHER & DANA REEVE FOUNDATION
PARALYSIS RESOURCE CENTER

636 Morris Turnpike Suite 3A
Short Hills, NJ 07078
Telepono: (800) 539-7309
Fax: (973) 912-9433
**www.paralysis.org**

International Center for Spinal Cord Injury
at Kennedy Krieger Institute
*Research. Restoration. Recovery.*

707 North Broadway
Baltimore, MD 21205
Telepono: (443) 923-9230
Fax: (443) 923-9215
**www.spinalcordrecovery.org**